


KAILAN DAPAT MAGLAGAY NG PATABA?

Ang tamang panahon ng paglalagay ng pataba ay nakabatay sa:



Yugto ng Paglaki ng Palay



Paraan ng paglalagay ng pataba



Crop Establishment Method at Intensity



Physico-chemical properties ng lupa na nakakaapekto sa transpormasyon nito



Pag-aayos ng patubig



Klima



Uri ng pataba

Ang mga pananim na palay ay kadalasang tumutugon sa nitroheno na pataba pagkatapos ng paglilipat ng mga tanim at bago dumako sa reproductive stage (5-7 araw bago ang panicle initiation).

Mainam maglagay ng pataba kapag ang mga dahon ay tuyo (kadalasan 9-10 AM) upang ang mga pataba ay hindi manatili sa basang dahon at hindi ito mapaso.



DEPARTMENT OF AGRICULTURE IV-CALABARZON
LIPA AGRICULTURAL RESEARCH AND EXPERIMENT
STATION (LARES) BRGY. MARAOUY, LIPA CITY,
BATANGAS

REGIONAL AGRICULTURE AND
FISHERIES INFORMATION SECTION
2022

 DA4CALABARZON

 rafis@calabarzon.da.gov.ph

 www.calabarzon.da.gov.ph

 DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGION IV-A



INTEGRATED NUTRIENT MANAGEMENT SA PALAYAN

ANO ANG INTEGRATED NUTRIENT MANAGEMENT (INM)?

Ang INM ay ang pamamahala ng lupa kung saan may sapat na makukuhang sustansya ang mga halaman. Maaaring natural, *man-made*, o *synthetic* ang pagmulan ng sustansya na may kasamang maayos na patubig, pagpapalit-palit ng mga pananim, at pagre-*recycle* ng mga natitirang pananim pagkatapos ng ani.

BAKIT MAHALAGA ANG INM?

Layunin nito na mapalakas ang produksyon ng mga pananim, siguruhing ligtas ang kapaligiran, at mabawasan ang pagkawala ng sustansya sa pamamagitan ng mabisang paggamit ng pataba.

Ang pagkakaroon ng organikong pataba ay pandagdag na sustansya sa mga halaman, pag-iwas sa sobrang paggamit ng mga inorganikong pataba, at mapaunlad ang pisikal at biyolohikal na uri ng lupa.



ANU-ANO ANG MGA ESENSYAL NA ELEMENTO NG PALAY?

Mayroong labing-anim (16) na elementong kailangan ng pananim ng palay upang makumpleto ang *life cycle* nito. Ang mga ito ay nakagrupo sa siyam (9) na *macroelements* at pitong (7) *microelements*.

Ang mga pananim na palay ay kailangang may mataas na antas ng *macroelements* at mababa naman na *microelements*. Ang pinakamahahalagang sustansya ay ang N, P, K, S, Zn, at Fe.

MACRONUTRIENTS

NAME	SYMBOL
Carbon	C
Hydrogen	H
Oxygen	O
Nitrogen	N
Phosphorus	P
Potassium	K
Calcium	Ca
Magnesium	Mg
Sulfur	S

MICRONUTRIENTS

NAME	SYMBOL
Zinc	Zn
Iron	Fe
Copper	Cu
Molybdenum	Mo
Manganese	Mn
Boron	B
Chlorine	Cl

ANO ANG MGA INORGANIKONG PATABA?

Ang *inorganic* na pataba ay mga komersyal na gawang pataba at binubuo ng mataas na antas na mapagkukunan ng mga esensyal na elemento. Ito ay hinahalo sa tubig habang gumagawa ng sustansya na kailangan ng mga halaman.



BAKIT KAILANGANG GUMAMIT NG MGA ORGANIKONG PATABA?

Nakakatutulong ang organikong pataba na mapalakas ang pisikal, biyolohikal, at kemikal na uri ng lupa. Pinatitibay din nito ang kakayahan ng lupa na tumagal ang buhay sa mas makakatipid na dami ng tubig kung saan mas makakakuha ng sustansya ang mga ugat ng halaman.

Ang mga organikong materyal ay nakakadagdag sa *microbial* na populasyon at *diversity*. Ito ay mahalaga upang magkaroon ng transpormasyon mula sa mga materyal na bumubuo sa pataba hanggang sa maaari na itong gamitin sa mga halaman, at mapataba pa ang lupa.

Dahil binubuo ito ng *micro* at *macroelements*, nagsisilbi itong pandagdag ng sustansya sa mga inorganikong pataba. Ang mga halimbawa ng pinagmumulan ng organikong pataba ay *rice straw*, *green* at *animal manures*, *composts*, at *organic wastes*.

Ang organikong pataba ay maaari rin gamitin sa punlaan upang mapadali ang paghila sa mga punla.

